# De-Kahong Pag-Ibig, De-Kahoy na Himagsik

MARK ANGELES

Maaga akong binulungan ng pag-ibig. O paghanga. 'Yong tinatawag nilang puppy love. O juvenile infatuation. 'Yong pag-ibig na manibalang at pilit.

Hindi simbuyo ng damdamin kundi dala ng buyo ng mga kalaro sa patintero at prikidam. In other words, mababaw. In other words, panandalian. Binahiran lang ang aking kainosentehan. Parang uhog na gumuhit at nagtutong sa pisngi ko sa panahong ako pa ay uhugin at lawlaw pa ang salawal.

Grade Three lang ako noon sa isang pribadong Katolikong institusyon. May naging kaklase akong ibang lahi—ang Vietnamese na si Olivia Tran.

Bagong transfer siya sa eskuwelahan namin. Hindi ko na matandaan kung gaano katagal nang naninirahan dito sa Pilipinas ang pamilya niya sa panahong iyon. Ang sigurado ko, naliligaw ang kaniyang pananagalog. Malamang, tulad ng ibang dayong karay-karay ang buong pamilya para magsimulang muli sa ibang lupalop ng daigdig, komprador ang magulang niya at dito nagpapalago ng negosyo. O baka isa itong diplomat na dito nadestino.

*The new girl in town.* Malamang naging "talk of the town" din siya noong pasukan. Naging interesado rin sa kaniya maski ang mga kaklase kong babae. Ano kaya ang laman ng bag niya? May koleksiyon din kaya siya ng mga sticker at stationery pad tulad ng iba kong mga kaklaseng babae? May "kisses" din kaya siya sa pencil case—'yong mga masamyong butil na sarikulay na diumano ay nangingitlog kapag ibinalot sa bulak na may alkohol at isinilid sa posporo (dahil kailangan daw warm at moist ang environment para sila mangitlog)? Baka kandakuskos din sila ng mga mata nila sa pag-aakalang magiging singkit sila. Anong bagong mayroon si Olivia Tran? May dala kaya siyang kalakal galing Vietnam? Baka may dala rin siyang mga produkto galing sa iba't ibang lugar na nabisita na ng kaniyang pamilya o pansamantala nilang

tinirhan. Malamang kinilatis din siya ng mga titser namin. Pinag-usapan hanggang sa kasuluk-sulukan ng faculty room ang family tree niya.

Hindi ko alam kung ano ang nakita ko kay Olivia Tran. Bilugan ang mukha niya. Lalo pa itong pinalutang ng bobcat niyang buhok at eyebrow-length bangs na nagtabing sa kaniyang mahiyaing noo. In other words, mukha siyang pusang may helmet.

Baka dahil nabalani ako sa kariktan ng kultura ng pinag-ugatan niyang lahi na malapit sa nakagisnan ko. May pagkakatulad ang aming family background. *We belong* kumbaga. May lahi kasi akong Tsino. Ipinanganak at lumaki ang lolo ko sa Amoy (kilala ngayon bilang Xiamen) sa Tsina—kung saan ipinanganak sa mahirap na pamilya si Henry Sy Sr., ang taipan na nanguna sa listahan ng mga bilyonaryo sa Pilipinas at nangunguna rin sa kontraktuwalisasyon, pribatisasyon, at pagpapalayas sa mahihirap at pine trees.

Noong binata pa ang lolo ko, pumunta siya rito sa Pilipinas para makisosyo sa negosyo ng kaniyang tiyuhin. Dinala niya ang kulturang Tsino sa loob ng aming bahay. Ang saltik ng dila. Ang mga chinaware. Ang amoy ng beha at insenso. Ang panunuod ng mga *kawka* (Chinese theater) sa TV tuwing Linggo.

Kamukha ni Olivia Tran 'yong mga gumaganap sa kawka. 'Yung bidang babaeng kung sumayaw ay pumipilantik ang mga daliri. Panakaw ngunit malagkit kung tumingin. 'Yong dalagang kinagigiliwan ng lahat. 'Yong prinsesang kailangang iligtas.

Nakita ko siguro sa kaniya si Chang Yi, ang diwata ng buwan sa Tsina, na pinaniniwalaang hindi kailanman umalis sa buwan. Sa kauna-unahang pagkakataon, bumaba siya sa balat ng lupa at nagpakita sa isang hamak na tagalupang tulad ko. Kamukha pa ni Olivia Tran 'yong babaeng modelo sa pamahid sa mukha ng lola ko. Na kahawig din ni Chang Yi. Kasama ng mga binibini sa patyo ng palasyo ng emperador ng antigong Tsina na naging inspirasyon din ng mga gumagawa ng chinese dolls. Sa panahong iyon, sila ang naging pamantayan ko ng kagandahan. Sila ang samutsaring hilatsa ni Olivia Tran sa murang isip ko.

Doon ba nagliwanag ang lahat? Nakiliti siguro ang mga tainga ko ng pautal-utal niyang pananagalog. Baka hindi sinasadyang napalingon siya sa akin at nasilayan ko ang matamis niyang ngiti. Kung bakit para bang nakangiti rin sa akin ang singkit niyang mga mata.

Basta ang alam ko, sa edad na walo, naging alipin ako ni Olivia Tran.

Seatmate ko siya noon. Hindi ko na matandaan pero siguro nagse-share siya sa akin ng baon. Kapag wala akong dalang lapis, pinapahiram niya ako. Naaalala ko ang mga gamit niya—ang bag, mga lapis, pencil case, pati baunan—lahat kulay pink; lahat may drowing ng mga singkit na cartoon character at marikit na kaligrapiya.

Siguro hindi nalingid sa kaniya ang pagtingin ko. Madalas niya siguro akong nahuhuling nakatanga sa kaniya. O baka naisulat ko ang initials niya sa "Who is your crush?" sa mga slumbook noon. Kahit sa tanong na "What is love?" ang sagot ko ay *Olivia Tran*.

Sa harap ko nakaupo ang isa naming kaklase, si Lawrence. Tinutukso siya noon na may gusto kay Olivia Tran. Siya ang kontrabida sa love story ko. Matangkad siya. Makinis. Pam-point guard ang posisyon sa basketball. Higit sa lahat, may pencil case na puno ng mga lapis na laging bagong tasa.

Noong mga panahong 'yon, basehan na nakaaangat ang pamilyang pinagmulan ng isang estudyante sa pagkakaroon ng pencil case. Kung may pencil case ka man, anong uri ng pencil case ang pag-aari mo? Yari ba ito sa plastik o lata? De-zipper ba ito o de-magnet ang lock? May nakakabit ba ditong pantasa, lalagyan ng pinagtasahan, case ng pambura, pencil stand, at thermometer? May kasama ba itong photo frame o mini musical keyboard piano organ? Marami ba itong compartments? May pivot point mechanism ba ito na naglalabas ng ruler at magnifier tulad ng isang Swiss Army knife? Branded at deluxe din ba ang pencil case mo tulad ng pag-aari ni Olivia Tran?

Bulok na ang pencil case ko noon—natutuklap na ang disenyong mecha robot—samantalang si Lawrence puno pa ang pencil case niya ng mga lapis na laging bagong tasa.

Naging isang misteryo sa akin noon kung bakit laging bagong tasa ang mga lapis ni Lawrence. Isa pang basehan ng pagiging mayaman ang pagkakaroon ng pantasa. Ilan lang sa mga kaklase ko ang may pantasang parang miniature version ng isang kaha de yero. May maliit na bibig ito kung saan mo ipapasok ang dulo ng lapis na gusto mong tasahan. Pagkatapos ay may pipihitin kang hawakan na siyang pedal ng motor ng pantasa. Maririnig mong tinatasahan ang lapis sa loob. Ilang sandali lang, matulis na ang lapis. Ang mga pinagtasahan naman ay nakasinop sa loob ng kahon ng pantasa. Madyik! Hindi tulad ng pantasa kong mumurahin na nagkakalat na ng pinagtasahan ay madalas pang makabali ng lapis.

Minsan sinilip ko ang butas kung saan ipinapasok ang lapis na gustong tasahan. Nakakita ako ng mga pangil. 'Yon siguro ang ngumangatngat ng

lapis. Planetary sharpener pala ang tawag sa ganoong uri ng pantasa dahil may planetary gears ito sa loob. Ang komplikado ng mekanismo. Parang clockwork! Anong panama ko sa ganoon? Kaya siguro may kakaibang ngisi si Lawrence. Hatid-sundo pa siya ng kotse at may sariling drayber. Samantalang ako, hatid-sundo ng lola ko.

Sumunod na nauso ang Bensia pencil. Hindi na ito kailangang tasahan. Kapag napudpod ang tasa ay tatanggalin lang ang cartridge mula sa nguso at isusuksok sa kabilang dulo para itulak at lumabas ang kasunod na cartridge na may matulis na lead. Parang gulugod ng ahas. Parang robot na ahas! Nauso rin noon ang lapis na may iba't ibang kulay. Hindi na rin ito kailangang tasahan. May pisi sa dulo na kailangan lang hilahin para kusang matalupan ang lapis at lumitaw ang panulat. Astigin ang ikalawa dahil hindi lang sa papel ito gumagana. Bukod sa iba't ibang kulay, maiguguhit mo pa ito kahit sa plastik at salamin kaya karaniwang ginagamit ng mga arkitekto at inhinyero.

Iilan lang sa mga kaklase ko ang nakapagdadala ng mga ganoong uri ng lapis dahil mahal nga. Nagtaka pa nga ako dati dahil hindi ko alam kung saan nakabibili ng mga kakaibang lapis. Ilang buwan pa ang lumipas nang matuklasan ko ang tindahan ng school supplies kung saan din bumibili ng mga neon rubber band, sticker, at stationery pad ang mga kaklase ko. Wala kasi akong pambili. At hindi ko rin naman kailangan ng baong pera dahil lagi akong may dalang pagkain at hatid-sundo rin kasi ako ng lola ko.

Abot-tainga ang ngiti ng mga gumagamit ng mga lapis na Bensia at may pisi sa dulo dahil sa biyaya ng teknolohiya. Mas "desirable" umano ang mga lapis na hindi na kailangang tasahan. Ganoon din ang mga may tangan nito. Marami-rami pa naman kaming mga gumagamit ng de-kahoy na lapis. Pero kakaunti na lang ang mga may pantasa dahil kung sino ang laging nagdadala ng pantasa (o may kakayahang magdala ng pantasa) ay kasama rin sa mga nag-upgrade at gumagamit na ng mga lapis na hindi na kailangang tasahan.

Isang araw, dumating sa klase namin ang hari ng mga lapis—ang mechanical pencil. Gawa sa chrome ang casing nito. Parang fountain pen. Dahil makintab at kulay bakal, aakalain mong kasimbigat din ito ng bakal. Ang sinumang may-ari nito ay nagmamay-ari rin ng isang maliit na kaha na lalagyan ng mga hugis-karayom na pencil lead na nagsisilbing bala ng mechanical pencil. Para lumabas ang bala, pipindutin mo nang ilang ulit ang buton sa kabilang dulo ng mechanical pencil. Gumagawa ito ng *clicking sound*. Animo kumakasa ng baril ang may hawak nito (baka nakapanood na rin sila ng pelikula ni James Bond kung saan gumamit siya ng ganoong

gadget). Siguro nga, pakiramdam ng may hawak nito, may hawak siyang armas. At kung may hawak siyang armas, nasa kaniya ang kapangyarihan ("Political power grows out of the barrel of a gun,"sey nga ni Mao Zedong). Feeling mandirigma. Sa katunayan, pinaglalaruan pa nga ang mechanical pencil at ginagawang sumpak.

Dahil may kamahalan ang mechanical pencil, naging mga elitista ang nagmamay-ari nito. Ibinaba nito ang level ng mga may-ari ng lapis na Bensia at may pising hinihila. Ginawa nitong *obsolete* ang aming de-kahoy na lapis. Nagmukha kaming mga bottom feeder. Hari ang turing sa mga nagmamay-ari ng hari ng mga lapis. Isa si Lawrence sa mga hari.

Napalapit kaya ang loob ni Olivia Tran kay Lawrence dahil doon? Nagkaroon na sila ng *sense of connection*. Nang magkaroon ng mechanical pencil si Olivia Tran, nawalan na ako ng pagkakataon para humiram sa kaniya ng pantasa. Isa pa naman 'yon sa mga paraan para makausap ko siya.

Pakiramdam ko noon lumaki ang agwat namin kahit seatmate ko siya. Bakal ang lapis nila. Samantalang ang lapis ko gawa sa ilong ni Pinocchio. Langit sila, lupa naman ako. Hindi ako dapat mangahas umibig sa tagalangit. Baka ang bagsakan ko ay impiyerno.

Dapat ba naging masigasig ako? Noong mga panahong 'yon, pinalalabas na sa TV ang *The Little Rascals*. Tungkol ito sa pakikipagsapalaran ng mga bata na parang matatanda na kung umasta. Tulad ng matatanda, nadadala sila ng simbuyo ng kanilang damdamin kaya ang palabas ay hitik sa hidwaan; kaliwa't kanan ang mga kampihan, awayan, tampuhan, sabwatan, at kung ano-ano pa.

Napanood ko siguro ang eksenang hinaharana ni Alfalfa ang kaklase niyang si Darla sa harap ng klase at sa saliw ng grand piano. Pinangarap ko sigurong maging si Alfalfa—isang batang Casanova na pang-leading man ang dating at todo kung magpa-charming. Kung anuman iyong naputol na ugnay ko kay Olivia Tran, naisip kong idaan sa tamis ng dila tulad nina Alfalfa at Casanova para makapuwesto akong muli.

Ang lakas ng tama sa kamalayan ng programang iyon. Nagse-set ng standard kung ano nga ba ang dapat na maging asal ng mga musmos. Cute ng mga batang maabilidad na sa panliligaw at pakikihamok. Pero hindi na cute kung nangahas nang mangatwiran at manumbat. Kung naging timbulan na ng masamang hangad.

Mas mainam pa yatang manatili ang batang walang malay. 'Yong akala ay laro lang ang lahat.

Isang araw, sinubukan ni Olivia Tran ang katapatan ko. May pinapasagutang exercises sa textbook ang adviser namin kaya lahat ay tahimik. Napansin kong nakatitig sa akin si Olivia Tran. Gusto pa yata akong patayin sa ngiti.

Sinenyasan niya akong lumapit sa kaniya. Dahan-dahan kong inilapit ang tainga ko sa kaniya. Dumampi sa tainga ko ang init ng hininga niya.

Hindi ko alam kung ano ang nakain niya. Kung bakit niya ako inudyukan ng ganoon. "Duraan mo sa batok si Lawrence," ang tanda kong ibinulong niya sa akin. Ang pilyang si Olivia Tran, gusto pa yata akong ipahamak! "Sige nga! Kung talagang may gusto ka sa akin, duraan mo sa batok si Lawrence!" Tumaginting sa isip ko 'yong bahaging *kung talagang may gusto ka sa akin.* Kung susundin ko siya, ibig sabihin, may gusto talaga ako sa kaniya. Kung hindi ko naman 'yon gagawin, hindi rin mabubura sa isip niya na gusto ko siya. Pero tutuksuhin akong duwag ng mga kaklase ko. Lalabas pa akong sinungaling.

May iba nang nakarinig. Nagbubulungan na ang mga kaklase kong nakaupo sa likod namin. Nagkasubukan na. Napasubo na ako. Kailangan ko nang gawin. Nasa harapan lang namin si Lawrence, subsob ang mukha sa textbook at abalang nagsasagot ng exercises. Tinatawag ako ng makinis na batok nito, nang-aakit, walang sagabal. Hindi na kailangang igapos pa ang kaniyang mga kamay at paa.

Hindi ko rin alam kung ano ang nakain ko. Pero naisip ko, pagkakataon na 'yon para ipakita ko kay Olivia Tran ang aking kagitingan (hindi ko na kailangang sumalag ng nagliliparang mga sibat o lakbayin ang ikapitong bundok). Kailangang ipakita ko rin sa mga kaklase ko na hindi bahag ang buntot ko.

Dahan-dahan akong tumayo. Nag-ipon ako ng laway sa bibig. Lumapit ako sa batok ni Lawrence.

Pingot ang inabot ko sa adviser namin. Dinala ako sa prefect of discipline. Katakot-takot na pangaral ang inabot ko. Bakit ko sinunod si Olivia Tran? Kung uutusan ba ako ni Olivia Tran na tumalon sa bangin, tatalon ba ako?

Hindi ko na maalala ang isinagot ko sa adviser namin. Malamang tahimik lang akong nakinig sa kanila. Isinuko ko ang sarili ko sa kapangyarihan nila. Nakayuko akong parang maamong tupa—animo nakikinig at ina-absorb ang mga sermon nila; nagsisisi nang labis sa aking ginawang kahalayan. Kung sumabat ako ay baka madagdagan pa ang sentensiya ko. Gusto nilang

makakita ng tanda ng pagsuko, ibigay ang hilig. Crowd-pleaser ako kahit noong bata pa.

Kung inutusan ba ako ni Olivia Tran na tumalon sa bangin, tatalon ba ako? Hindi ko alam. Ibang usapin na ang pagtalon sa bangin. Kompara sa pagdura sa maselang batok ni Lawrence.

Pero baka sa kapusukan ko, sa tibay ng loob ko, o sa inosenteng pag-ibig ko kay Olivia Tran, magawa kong tumalon sa bangin. Nakita ninyo, tumalon ako sa bangin. Hindi nga lang literal.

Tumalon ako sa bangin ng pag-ibig. *Dahil sa iyo, Olivia Tran, kaya ako na-prefect noong Grade Three ako.* 'Yon ang una at huli kong pagbisita sa prefect sa tanang buhay ko. Saan ka pa makakakita ng ganyang mangingibig?

Tinawanan ako ng mga kaklase ko. Lumabas ako sa classroom na pingot-pingot ng aming adviser. Hindi ko na maalala kung ano ang ginawa ni Lawrence pagkatapos. Kung pinunasan niya ng mamahaling panyo ang batok niya. Kung winisikan niya 'yon ng katakot-takot na pabango. Kung umatungal siyang parang baka. O napalunok siya sa pagkakapahiya. Sa pagkakataong 'yon, akong maamong tupa ang nanuwag. Isa akong banta sa kaayusan. Dapat putulin ang aking mga sungay.

Dahil lang kay Olivia Tran. Dahil sa kaniyang mapanuksong ganda o kung anuman 'yong nakita ko sa kanya noong kami ay Grade Three pa lang. Nagawa kong magtaksil sa aking kabutihan.

Ilan pa bang babae ang binigyan ko ng ganyang paghanga? 'Yong tumayo ako sa bingit ng bangin? Hindi ko na maalala. O hindi ko siguro maamin. Na may ganoon akong uri ng katangahan. Binulag ako ni Olivia Tran.

Nagdududa rin ako kung nagawa ba ni Olivia Tran na utusan ako ng ganoon. Baka tinatraydor lang ako ng aking alaala. Baka nadamay lang si Olivia Tran—bilang isang saksi, dahil naroon siya nang mangyari iyon. Baka ginatungan lang din ako ng mga kaklase kong sanggano dahil tingin nila mangangatog ang mga tuhod ko at hindi ko 'yon magagawa. Sa totoo lang, mukha akong maamong tupa noong bata pa ako. At isa ako sa mga gumagamit ng de-kahoy na lapis. Naghahanap sila ng maaapakan para mapagtakpan ang mga insecurity nila sa katawan. Baka nga naman kapag may maipakita silang mas mababa pa sa kanila ay tumaas ang tingin sa kanila ng iba. Nang sa gayon ay tumaas ang tingin nila sa kanilang sarili.

Bata pa lang ako ay may pakiwari na rin ako kung ano ang kahulugan ng kahirapan.

Mahina ako sa Math pero mahusay naman ako sa abstract reasoning. Napaghahambing ko noon maski ang mga gamit at baon naming magkakaklase. Kung bakit may mga nagtitiis magsuot ng kupas na puting unipormeng polo na lutang na lutang ang pagkaluma kapag natatabi sa mga may suot na bago. Kung bakit kailangan kong pagtiisang lagyan ng goma ang mga luma kong medyas na sa sobrang luwag ay nalalaglag na sa sakong ko at madalas ay sumasayad na sa talampakan. Kung bakit de-kahoy pa rin ang gamit kong lapis samantalang nagbabalandra na ng kaangasan ang mga kaklase ko sa pagdadala ng mechanical pencil. Sigurado kong hindi lang ako ang may ganoong takbo ng isip. Marami kami.

Laman ng bulsa ang nagdikta sa kung sino ang naghari sa aming klase. Kahit pare-pareho kaming kumakalam ang sikmura, kaninong sikmura ba ang mas madalas na kumalam? Sino ba ang napipilitang lumunok ng pride o kumapit sa patalim kung kinakailangan para lang sa isang piraso ng papel o pantasa?

Hindi ko na maituro kung sino-sino ang mga kaklase kong nalagas dahil sa taas ng matrikula sa paaralang iyon. Ang tiyak ko, may tahimik na alitan sa pagitan ng mga maykaya at kapus-palad. Sa mga laging may dala ng isang ream ng pad paper at sa mga hindi malaman kung saan kukuha ng pambili ng tinitinging pad paper. Sa mga nakapag-upgrade na sa mechanical pencil at sa mga de-kahoy pa rin ang lapis na pudpod na ang ulo kakanguya para lumabas ang natitira sa pudpod nang pambura at ni walang mahagilap na pantasa.

Kaya siguro madalas kaming utakan. Kaming mga may-ari ng de-kahoy na lapis. Akala nila tulad kami ng mga lapis na kaya lang naming bilhin: mapurol at madaling mabali. Dapat nilang malaman, marunong din kaming pumalag at rumesbak.